JANUARY

FEBRUARY

MARCH

APRIL

MAY

JUNE

JULY

AUGUST

SEPTEMBER

OCTOBER

NOVEMBER

DECEMBER

Republic of the Philippines

**Department of Education**

**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress

Zeal of Partnership

# 6

# Edukasyon Sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Habang may Pananalig, may Pag-asa



**Pangalan ng Mag-aaral:** ____________________

**Baitang at Pangkat:** ____________________

**Pangalan ng Paaralan:** ____________________



# Alamin

Ang bawat isa ay may kanya-kanyang paniniwala hinggil sa ispiritwalidad na aspeto ng ating buhay na siya nating gabay sa ating pang araw-araw na buhay.

Ngunit kahit magkaiba man ang ating paniniwala at pananampalataya tayo ay nagkakaisa sa hangaring mapaunlad at mapabuti ang ating pagkatao sa pamamagitan ng mga pananampalatayang ito.

Hindi man agaran ang epekto ng hinahangad na kaluwalhatian kahit papaano'y mayroon tayong pagsisikap.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain upang ikaw ay gabayan at tulungan sa pagkamit ng layuning ito:

Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. **EsP6PD- IVa-i–16**

- Mabibigyan ng kahulugan ang pananalig at pag-asa.



# Subukin

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat pangungusap at sagutin ito. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Ano ang dapat mong gawin kapag ikaw ay nasa loob ng sambahan?
   a. Mag-ingay
   b. Magtatatakbo
   c. Manalangin
   d. Mag*tiktok*

2. Nakasalubong mo ang iyong lola.
   Ano ang dapat mong gawin?
   a. Kawayan lang siya
   b. Lalapitan at magmamano
   c. Hindi siya papansinin
   d. Lilihis ng ibang daan

3. Dumalo kayo ng kaibigan mong muslim sa pagdiriwang ng isa ninyong kaibigang kristiyano. May handang pagkain na ipinagbabawal kainin ng mga muslim.
   Ano ang dapat mong gawin?
   a. Alukin siya dahil masarap naman iyon para sa iyo.
   b. Hindi na lang siya alukin dahil alam mong bawal sa kanya.
   c. Bigyan siya kahit hindi naman nanghingi.
   d. Palihim na lagyan ang kanyang pinggan.

4. Nakita mong papatawid ang isang matanda sa isang abalang kalsada.
   Ano ang nararapat mong gawin?
   a. Hayaan siyang tumawid mag-isa.
   b. Kunan lang ng litrato at i-post sa sosyal medya.
   c. Tulungan siyang tumawid.
   d. Ipagsawalang-bahala.

5. May *tree planting activity* ang inyong barangay sa susunod na linggo at inaanyayahan ang lahat ng may kakayahang magtanim na makiisa.
   Ano ang gagawin mo?
   a. Sasali dahil kaya ko namang magtanim.
   b. Tumanggi dahil wala namang bayad.
   c. Magdahilang hindi marunong magtanim.
   d. Pumunta sa ibang lugar sa araw na iyon.

| Modyul 4 | "Habang may Pananalig, may Pag-asa" |
| --- | --- |



## Balikan

**Panuto:** Basahin at intindihin ang bawat pangungusap. Kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama, iguhit sa patlang bago ang bilang ang  at  naman kung mali.

_______ 1. Pagdarasal sa pook-dalanginan.

_______ 2. Pinagtatawan ang pagdiriwang ng ibang relihiyon.

_______ 3. Pagdalaw sa may sakit..

_______ 4. Bukas loob ang pagtulong sa kapwa.

_______ 5. Iginagalang ang ibang pananampalataya.



# Tuklasin

**Panuto:** Pumili ng salita sa loob ng kahon na angkop sa ipinapakita ng mga larawan. Titik lamang ang isulat sa patlang na nakalaan.

| | | |
|---|---|---|
| a. nagdarasal | b. nagbibigayan | c. nagsisimba |
| d. magalang | e. matulungin | |



1____________



2____________



3____________




4____________




5____________



# Suriin

Ang pagpapala ng Diyos ay patuloy na ipinagkakaloob sa mga tao upang matulungan natin ang isa't isa. Ang pagmamahal na ito ay patuloy na nagdudulot ng pag-asa sa lahat ng taong nananalig sa Kaniya. Hindi maitatangging nagtataglay ng mabuting kalooban ang isang tao na gumagawa ng kabutihan sa kapwa at sa iba pang nilikha. Hindi niya kailangang piliting maging mabait dahil kusa itong lumalabas at mapapansin o makikita ng kanyang kapwa.

Nasa puso ang pagiging mabuting tao na nahubog sa pagmamahal ng kanyang kapwa at ng Diyos. Sila ang mga taong handang magsakripisyo para lamang makagawa ng kabutihan sa kanilang kapwa.

Ang pananalig ay ang pagtitiwala sa Diyos. Naniniwala tayo na may Diyos na pumapatnubay sa lahat ng ating mga gawain. Ang pananalig sa Diyos ay hindi taglay ng isang indibidwal lamang. Lahat tayo ay may iba't ibang antas ng pananampalataya sa Diyos. Maaring mas malalim ang paniniwala ng isa kaysa sa isa, ngunit pareho silang mayroon nito. Mahalaga ito dahil gaano man kaliit ang paniniwala ng isang tao, taglay parin nito ang pag-asang siya ay matutulungan at mapapatawad ng Diyos sa kanyang nagawang kasalanan gaano man ito kaliit o kalaki.



# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat ang mga bagay o gawaing naidulot ng iyong pananampalataya ayon sa iyong karanasan *(halimbawa: pagiging matapat)*.

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **1** |
| **Nilalaman** | Naipahayag ang ideya at naaayon sa hinihingi ng gawain | Hindi maayos na naipahayag ang ideya pero naaayon sa hinihingi ng gawain | Hindi tugma ang sagot sa hinihingi ng gawain |
| **Organisasyon** | Mahusay at maayos ang pagkakasulat ng ideya. | Mahusay ang pagkakasulat ng ideya ngunit hindi maayos. | Malayo at hindi maunawaan ang pagkakasulat ng ideya. |



# Isaisip

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng angkop na salita. Pumili sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *nagtataglay | *pagtitiwala | *magsakripisyo | *puso | *pumapatnubay |

1. Ang pananalig ay ang ______________ sa Diyos.
2. Nasa ___________ ang pagiging mabuting tao.
3. Hindi maitatangging ________________ng mabuting kalooban ang isang tao.
4. Ang mabuting tao ay handang ________________ para makatulong sa kapawa.
5. Ang Diyos ay _____________________ sa lahat ng ating mga gawain.



# Isagawa

**Panuto:** Magtala ng limang (5) kailangang gawin sa tsart upang mapalalim ang pananalig sa Diyos at lima (5) naman para sa hindi kailan man o iiwasang gagawin sa angkop na kahon.

| Kailangan kong gawain | Hindi kailan man gagawin |
|---|---|
| | |

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 1 |
| **Nilalaman** | Naipahayag ang ideya at naaayon sa hinihingi ng gawain | Hindi maayos na naipahayag ang ideya pero naaayon sa hinihingi ng gawain | Hindi tugma ang sagot sa hinihingi ng gawain |
| **Organisasyon** | Mahusay at maayos ang pagkakasulat ng ideya. | Mahusay ang pagkakasulat ng ideya ngunit hindi maayos. | Malayo at hindi maunawaan ang pagkakasulat ng ideya. |



# Tayahin

**Panuto:** Piliin ang pinakaangkop at nararapat mong gawin sa bawat sitwasyon. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Ang iyong matalik na kaibigan ay may malubhang karamdaman.
   a. Hindi mo na siya kailanman kikitain.
   b. Dadalawin at handugan siya ng panalangin.
   c. Kamustahin na lang sa *text.*
   d. Walang gagawin

2. Isa ang pamilya mo sa mga nasalanta ng bagyo.
   a. Sisihin ang gobyerno.
   b. Magnakaw upang may makain.
   c. Tatagan ang loob at manalig na may tulong na darating.
   d. Walang gagawin

3. May narinig kang hindi mabuti tungkol sa relihiyon ng inyong pamilya.
   a. Alamin ang buong katotohanan sa mga magulang.
   b. Awayin ang may sabi nito.
   c. Maniwala agad at sumapi na sa ibang relihiyon.
   d. Hindi papasinsin

4. Ang hinihiling mong bagay sa Diyos ay hindi pa rin natutupad.
   a. Sisihin ang Diyos sa hindi pagtupad nito.
   b. Suriin ang hiling at baka hindi ito naayon sa kagustuhan ng Diyos.
   c. Magpalit na ng ibang pinaniniwalaan.
   d. Walang gagawin

5. Ang pagbibigay tulong ay gawaing iniuutos ng Panginoon.
   a. Gawin ng may inaasahang kapalit.
   b. Tumulong lng sa mga kakilala.
   c. Bukas-loob na gawin sa lahat ng nangangailangan nang walang hinihintay na kapalit.
   d. Hindi papansinin



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Papaano mo maipapakita ang iyong pananalig sa Diyos sa pagharap ng mga hamon sa buhay dulot ng CoVid 19? Ipahayag ang iyong saloobin sa hindi bababa sa hindi hihigit sa limampung (50) salita.

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **1** |
| **Nilalaman** | Naipahayag ang ideya at naaayon sa hinihingi ng gawain | Hindi maayos na naipahayag ang ideya pero naaayon sa hinihingi ng gawain | Hindi tugma ang sagot sa hinihingi ng gawain |
| **Organisasyon** | Mahusay at maayos ang pagkakasulat ng ideya. | Mahusay ang pagkakasulat ng ideya ngunit hindi maayos. | Malayo at hindi maunawaan ang pagkakasulat ng ideya. |

# Sanggunian

Batayang aklat:


1. Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat,* edited by Gloria A. Peralta. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 132-143.


Imahe:


1. Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat,* edited by Gloria A. Peralta. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 132-143.

2. REX Book Store. "Supplemental Lessons." Accessed November 26, 2020. http://www.rexinteractive.com/UserFiles/IM/Pointers-Filipino-1/2nd%20Qtr%20Filipino%202.pdf.

3. Clipart Library. *Prayer Clipart*. Accessed November 26, 2020. http://clipart-library.com/new_gallery/prayer-clipart-12.jpg.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Bernard M. Presno Jr.
Habib Moin Anduhol Elementary School
Ipil, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri: Mona Lisa M. Babiera, Ed.D – EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
**Evelyn F. Importante**
*OIC-CID Chief EPS*
**Aurelio A. Santisas**
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
**Jerry C. Bokingkito**
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
**Jeanelyn A. Aleman, CESO VI**
*OIC-Schools Division Superintendent*